

## ***Bakit kailangan panindigan ang Israel?***

By Jack Hayford

Ang bansang Israel ay lupang sinasabi ng Dios na -katangitangi, hinula ng mga propeta na magliligtas at paulitulit na nasa Banal na Kasulatan - na sinasabi ng Dios na “ito ay kanyang bayan” bukod tangi na tinukoy ng Dios na di katulad ng ibang bayan. Ang bansang Israel ay itinaas bilang ilaw sa mga Hentil.

Ang Iglesia simula't simula pa ay para lamang sa mga Judio at nanatiling ganon hanggang kumalat ang evangelio. Ang evangelio ay kumalat noon sa Antioquia kung saan nasimulan ang congregacion ng mga Hentil-kung saan nagsimulang kumalat ang Mabuting Balita sa buong sanlibutan.

Sa aklat ng Taga Roma, kabanating 9 hanggang 11, ang Apostol Pablo ay nakitungo sa mga katanungan ng mga Judio patungol sa patnubay at layunin ng Dios. Ang tatlong kabanatang ito ay nananatiling tumatayo as buong Banal na Kasulatan bilang pagpapaliwanag ng Dios sa mga Judio. Ang mga Judio ay silang “unang bunga” ang mga “unang tao” (sa pamamagitan ni Abraham) upang maunawaan ang kasunduan nila sa Dios. at maghatid ng katotohanan sa sanlibutan at sa pamamagitan nito ang Mesias o Tagapaglitas ay dumating sa sanlibutan. Ang Salita ng Dios tinatawag ang mga Judio bilang “ugat” at ang mga Hentil bilang “mga sanga” pinaaalanan tayo ng dahil sa kanilang “di paniniwala ang iba sa kanila ay nahiwalay at ang iba ay tumayo sa pananampalataya” hindi tayo dapat maging mayabang kundi matakot “sapagkat kung ang mga katutubong sanga ay hindi pinanghihinayangan ng Dios hindi ka rin niya panghihinayangan” at kapag naging ganap na ang mga Hentil “ang buong Israel ay maliligtas” (v. 11:16-27)

Tayo ngayon ay nabubuhay sa maselang panahon ng kasaysayan kung saan bilang mananampalayata ay dapat manindigan at tumayo para sa Israel. Maaring tayo ang mga huling tao ng panahon. Hindi tayo dapat magwalang bahala sa harap ng mga hula, tayo ay dapat manalangin ng mataimtim, mamagitan at maglingkod alinsunod sa Salita ng Tagapagligtas na nagsabi na di tayo dapat makipagsapalaran ngayon nalalapit na ang wakas. Ito ay ating responsibilidad na maglingkod sa kaharian ng Dios hanggang sa kanyang muling pagbabalik. (Lucas 19:13)

Hindi ito political kundi ito ay patungkol sa Salita ng Dios. Sinasabi sa Banal na Kasulatan na darating ang panahon na lahat ng mga bansa sa sanlibutan ay tatalikod sa bansang Israel. Maaring ito ay mangyari sa ating kapanahunan at ito ay totoong maselan na ibalankas, kung bakit tayo dapat manindigan sa bansang Israel ngayon.

Ang bawat mananampalataya ay inuutusan na gawin pangunahin ang mga mahahalagang systema ng mga Judio bilang pasasalamat na ang Dios ay gumagawa sa pamamagitan nila.

Ang pagkilalang binigay natin sa mga judio ay may kinalaman sa mga banal na utos ng Dios at mga bagay na sinabi niya. Ito ay patungkol sa mga tao at ang kanilang bansa.

Lahat ng mananampalataya ay inuutusan na gawin pangunahin ang mga mahalagang systema tulad ng sa Dios.

Pumili ang Panginoon ng mga tao. Sinimulan niya kay Abraham. Sabi ng Panginoon na sa pamamagitan ng binhi ni Abraham (relacion sa asawang si Sara, ipapanganak ang ipinangakong bata na si Isaac) kung saan ang lahat ng bansa sa sanlibutan ay pagpapalain at magkaroon ng banal na pagpapala ng Panginoon Dios.

Sa Genesis 12:3 sinabi ng Dios ang tipan niya kay Abraham. “at pagpapalain ko ang magpapala sa iyo, at susumpain ko ang mga susumpa sa iyo at pagpapalain sa iyo ang lahat ng angkan sa lupa.”

Hindi lamang ito tumutukoy sa mga Judio kundi sa buong bansang Israel.

Hahatulan ng Dios ang mga bansa at pakikitunguhan nila sa kanilang mga kapasyahan, kung papano makikitungo sa mga individual.

Pinili sila ng Panginoon sa isang layunin - na pawang mga Israelita at kanila ang pagkukupkop at ang kaluwalhatian, at ang mga tipan, at ang pagbibigay ng kautusan, at ang paglilingkod sa Dios at ang mga kapangakuan na sa kanila at sa kanilang mga magulang at sa kanila magmumula ang Cristo ayon sa laman, na siyang lalo sa lahat Dios na maluwalhati magpakailanman. Siya nawa (Roma 9:4-5)

Ang banal na pagkukop ng Dios sa binhi ni Abraham bilang isang bansa.

Ang kaluwalhatian ng Dios ay ang pagpapahayag ng kanyang sarili.

Ang tipan ng Dios na kanyang tutuparin.

Ang tipan kay Abraham na sinabi ng Dios "ibigay ko sa iyo ang buong bayan at sa pamamagitan ng binhing ito ay pagpapalain ko ang buong sanlibutan.

Ang tipan kay Abraham ay kapahayagan ng mga kautusan bilang katuruan upang tayo ay matubos sa pamamagitan ng dugo ng Cordero.

Ang Bagong Tipan. Sa Jeremias at Ezekiel parehong sinabi ng Dios “darating ang panahon na kukunin ko ang kautusan at bibigyan ko kayong bagong kautusan at ipagkakaloob ko ang aking Espiritu sa inyo.”

Ang pinadakilang handog. Ang mahiwagang handog ni Jesus sa sangkatauhan. Dahil sa pagibig ng Dios, ibinigay niya ang kanyang bugtong na anak. Ibinigay niya ito sa pamamagitan ng mga Judio, kung papano siya ay isang Judio, na sinabi sa babaing taga Samaria “ang kaligtasan ay sa mga Judio.”

Nagsasalita sa atin ng maliwanag ang kasulatan na tayo ay nakikitungo sa binhi ng lahat na may kinalaman sa pagpapahayag ng Dios sa sangkatauhan. Ang maliwanag na patotoong ito ay ang mga Judio bilang isang bansa at pinatibayan na sila ay muling makakabangon bilang isang bansa. Ngayon patuloy ang kanilang pagsisikap sa Jerusalem at Israel at sa presencia ng lahat ng mga Judio at ang kanilang karapatan bilang isang bansa. Mayroon mga ilang bansa na nais manindigan sa mga Judio at Israel, ang ang Biblia sinasabi ng Dios na sinomang titindig para sa kanila ay kanyang pararangalan.

Ang lugar natin sa mga utos ng Dios ay nakasalalay sa mga Judio bilang isang bansa at ito ay patunay sa kanyang salita.

Kung inilalagay natin ang ating pananampalataya sa Tagapagligtas na dumating sa mga Judio, pumapasok tayo sa linya noong mga nagtiwala sa Dios ayon sa biyaya at pagliligtas na ipinahayag ng Dios. Sinasabi sa banal na kasulatan na kapag tinanggap mo ang Panginoon, magiging Judio ka na rin. (Roma 2:28-29, Galacia 3:26-29)

Kung ikaw ay mananampalataya, di ka pweding hindi manindigan sa mga Judio at Israel

Ang Dios ay nagdeklara bukod tangi patungkol sa lupain ng Israel na kailanman ay hindi pinawalang bisa.

Sa Leviticus 25:23 - ang bayan ay bayan ng Panginoon at may karapatan siyang ibigay o bawiin ito "ang bayan ay hindi pwedeng ipagbili sapagkat ito ay akin"

Sa Deuteronomio 32:43 "mangagalak kayo, o mga bansa na kasama ng kanyang bayan, sapagkat ipaghihiganti sa kaniyang mga kaalit at patatawarin ang kanyang lupain ang kanyang bayan"

Sa II Cronica 7:20 sinabi ng Dios kapag ang bayan ko ay hindi ako sinunod "...akin ngang bubunutin sila sa aking lupain na aking ibinigay sa kanila..."

Salmo 85:1-2 - Panginoon ikaw ang naging lingap sa inyong lupain iyong ibinalik ang nangabihag ng Jacob. iyong pinatawad ang kasamaan ng iyong bayan iyong tinakpan ang lahat nilang kasalanan"

Isaias 8:8 ang bayan ito ay pagaari ng Dios Ama at ito ang bayan ng Mesias. "...at ang laganap ng kanyang mga pakpak ay siyang magpupuno ng kaluwangan ng iyong lupain, Oh Emmanuel."

Jeremias 2:7 sinabi ng Panginoon bakit may pagkawala at pagkasira ang ciudad ng Jerusalem "...ngunit ng kayo ay pumasok ay iyong hinawahan ang aking lupain at ginawa ninyong kasuklamsuklam ang aking mana."

Ezekiel 38:16 nagsalita ang Dios sa mga tao tungkol sa mga huling araw sa tatayo laban sa Israel. Sinasabi na magkakaroon ng pagtatalo na mangyayari sa kanyang bayan. “ikaw ay sasampa laban sa aking bayang Israel...na dadalhin kita laban sa aking lupain upang makilala ako ng mga bansa pagka ako ay aariing banal sa iyo...”

Tatlong besis na sinasabi sa aklat na ito na ang lupaing ito ay nagpapatunay na pagaari ng Panginoon. “Sapagkat isang bansa ay sumampa sa aking lupain...”

“noon ang Panginoon ay naging masikap sa kanilang lupain, at nahabag sa kanyang bayan.(2:18) aking pipisanin ang lahat na bansa at aking ibaba sila sa libis ni Josaphat, at ako ay makikipagtanggol sa kanila roon dahil sa aking bayan at dahil sa aking manang Israel na kanilang pinangalat sa mga bansa at binahagi ang aking lupain.”

Hosea 9:3 - ito ay patungkol sa pangangalat ng Israel “sila'y hindi magsisitahan sa lupain ng Panginoon, kundi ang Ephraim ay babalik sa Egipto at sila'y magsisikain ng maruming pagkain sa Asiria.”

Zacarias 9:16 – “at ililigtas sila ng Panginoon nilang Dios sa araw na yaon na gaya ng kawan ng kanyang bayan sapagkat magiging gaya ng bato ng isang putong na nataas sa mataas sa kanyang lupain.”

Kung tayo ay nagsasalita patungkol sa Israel tayo ay nakikitungo 1) sa kapisang lupa na ipinahayag ng Dios 2) sa mga tao kung saan ito ay ibinigay ng Dios. Ito ay isang pangunahin isyu sa tagapaglalang ng lahat ng bagay at ito ay hindi pwedeng pagkasunduan. Bagay ng sinabi ng Dios patungkol sa Israel ay hindi pwedeng baliwalain.

Hindi lamang ang lupain ay pagaari ng Dios kundi ito ay ipinagkatiwala niya kay Abraham at sa kanyang anak na si Isaac magpakailanman (Genesis 17:7-8)

Ang akin tipan ng kapayapaan ay hindi pwedeng alisin (Isaias 4:8-10)

O baguhin tulad ng naipagkatiwala ko sa kanila magpakailanman (basahin Ezekiel 37:1-28)

Ang labanan ng Israel ngayon ay maaring sarili nilang pagkusa dahil narin sa kanilang pagiging marami.

Ang pangkalahatan ugali ng mundo ngayon patungkol sa mga Palestino bilang taong api, subalit pinagtatanggol ng Israel ang lupang ipinagtipan sa kanila ng Dios noong 1917 na itinayo naman ng nagkakaisang bansang kapulungan noong 1948. Ang layunin ng Palestina hindi upang iligtas ang lupain ito kundi upang palayasin ang lahat ng Israelitas. Alang-alang sa tumataas na madlang opinyon laban sa Israel, ang mga mayayaman bansa tulad ng mga Arabo ay kailan man hindi nagkusang magkaloob ng ampuhan para sa mga Palestino.

Ang karamihan sa mundo ngayon ay hindi alam ito at wala man lamang magsabi sa kanila dahil ang mga gustong makiramay sa kanila ay naiinfluenciahan ng ibang pwersa.

Ang paninindigan sa Israel ay hindi pagsalungat sa mga Arabo bilang isang entidad o pagsalungat sa karapatan ng mga Arabo na nakatira sa Israel na mapayapa, ligtas politically at nabubuhay na masagana. Walang itinatangi ang Dios sa sinomang tao, maging ang mga lipi ni Ismael na anak ng piniling naging pinuno na si Abraham. Ang paninindigan sa Israel hindi nangangailangan paglaban sa mga Arabo o hindi rin pagiging walang pagibig sa ibang tao.

Ang walang puknat na masamang kalooban ng ibang sektor ng mga Arabo sa mundo ay hindi political kundi spiritual na kapangyarihan na kailanman ay hindi matutugunan hanggang ang Israel ay tumigil na mabuhay.

Ang pwersa na lumalaban sa Israel ay hindi lamang ang mga tao na ayaw sa mga Judio. Tayo ay nahuhuli sa kapangyarihang spiritual na higit na makapangyarihan sa sangkatauhan na hindi pwedeng talunin ng politika o ng paghimok. Ang pwersang ito ay pwede lamang mapagtagumpayan sa pamamagitan ng mataimtim at marubdob ng panalangin.

Ito rin espiritu na lumalaban sa mga Cristiano kung papano sa mga Judio na sa bandang huli ay magdudulot ng pagpapahirap sa mga Cristiano at Judio.

Tulad ng sinasabi sa Banal na Kasulatan, mayroon dalawang saksi na ipapapatay sa Jerusalem sa huling panahon. (Pahayag 11) mayroon dalawang saksi na tumayo para sa Dios sa kasaysayan ng mundo - ito ay ang mga Judio at mga Cristiano.

Ang pagkagalit at masamang kalooban laban sa mananampalataya ay ganon din sa Israel dahil mayroon espirito sa sanlibutan na laban sa lahat na tumatayo para sa Dios at para sa mga bagay na nauukol sa kanya.

Ang Dios bilang tagapaglalang - sa kanya tayo dapat sumamba.

Ang Dios bilang hukom - sa kanya tayo dapat magsulit

Ang Dios bilang tagatubos - kung sino ang nagpakita sa pamamagitan ng kanyang anak

Ang Dios bilang tagapagbigay ng mga utos para sa lahat ng tao - kung saan tayo ay may responsibilidad bilang mananampalataya.

Ang biblical na gawain natin at banal na pangako ay pagtawag sa atin na maging matatag tayo sa pananampalataya at mamagitan na may pagasa at suporta na may pangako.

Tinatawagan tayo na manindigan sa Israel ngayon dahil marahil tayo ang mga generacion sa mga huling mga oras. Tinatawagan tayo ng Dios na magkaroon ng mataas na moral at may conviction na biblical, lumalakad na matalino at may pagunawa sa kanyang mga salita. Papupurihan tayo kung magkakaroon tayo ng pangako na manindigan tumayo sa lupain kanyang tinawag at itinangi. (Salmo 122:6)

Aksyon na dapat natin panangnan sa “paninidigan natin sa Israel”

Ihanda ang sarili sa mga mapagkakatiwalaan informacion na iniiwasan ang mga panatiko at hindi mapanghawakang katotohanan. Alamin ang mga tamang ulat. Kilalanin ang mga pangunahin kasaysayan ng gitnang silangan at pagkaalam sa mga unang siglo.

Tanggapin na may patuloy na pananampalataya sa tawag ng Banal na Kasulatan na “idalangin ang kapayapaan ng Jerusalem” (Salmo 122:6) at idalangin ang ating bansa na pamunuan ayon sa liwanag ng Genesis 12:1-3) ... “pagpapalain ko ang magpapala sa iyo”

Idalangin na mabisita ang Israel bilang ponto sa iyong suporta.

Magpakitang kaibigan sa mga Judio. Patotohanan ninyo na kayo ay mananampalataya at naninindigan sa Israel bilang paniniwala ninyo at pangako sa Dios.

Habang tinatanggap ninyo ang mga ugali ng mga radikal na Muslim, maging mahabagin kayo sa kanila.

Gumawa ng hakbang sa mahalagang panahon ito. Ngayon ang pagtutous na hinaharap natin na dapat manindigan sa bansang Israel.

Ang pinal na isyu ay “sino ang para kay Cristo at ang kanyang daan at kung sino ang hindi” tinawag kayo ng Dios upang maimok ang mga tao na tumayong may mataas na moral at may biblikal na conviction dahil ito ay isa sa maselang isyu.